
# 3

# Mother Tongue

## Ikalawang Markahan – Modyul 3:
## Ihambing at Ilarawan Mo!




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_MTB 3_Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Ihambing at Ilarawan Mo!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Charmaine R. Lavador

**Editor:** Babeth P. Gevila, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

**Tagasuri:** Lynneth B. Baptista, Ame Grace I. Pamongcales, Althea S. Llameg, Lea C. Manambay, Ana Lorma A. Dahiroc

**Tagaguhit:** Elmer E. Dela Cruz

**Tagalapat:** Hazel Jane A. Villegas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, George N. Wong, Winnie E. Batoon, Chona M. Calatrava, Teresita E. Helgason, Jesusa P. Ambrona

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Mother Tongue

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Ihambing at Ilarawan Mo!

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sap ag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunag pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makararanas ng suliranin sap ag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matuto and ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na Ihambing at Ilarawan Mo!

Dinisenyo at isinulat ang modyul na isinaalang-alang ang antas ng iyong kakayahan. Sa paggamit nito, matutunan mong kilalanin ang tatlong uri ng tayutay.

Ang modyul ay nahahati sa tatlong aralin:

- Aralin 1 - Metapora o Pagwawangis: Siyasatin!
- Aralin 2 - Personipikasyon o Pagsasatao: Alamin!
- Aralin 3 - Hyperbole o Pagmamalabis: Aralin!

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- natutukoy ang mga tayutay na pagwawangis o metaphor, pagsasatao o personification, at pagmamalabis o hyperbole (MT3OL-IId- e-3.6).



*Mga Tala para sa Guro*

Ang modyul na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang mga ideya, pag-iisip at nararamdaman sa sarili, pamilya, paaralan at komunidad.

Paalalahanan sila na hindi ito dapat sulatan dahil gagamitin pa ito ng ibang mga mag-aaral sa mga susunod pang mga taon.



# *Subukin*

Tukuyin ang mga tayutay na ginamit sa pangungusap. Isulat ang PW kung ito ay pagwawangis o metapora, PT kung pagsasatao o personification, at PM kung pagmamalabis o hyperbole. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

_____1. Galit na leon si Gng. Tuazon nang makita niyang nabasag ang kaniyang paboritong plorera.

_____2. Sumasayaw sa galak ang mga halaman tuwing umiihip ang hangin.

_____3. Ang utak niya ay kasinlaki ng butil ng mani.


_____4. Magugunaw ang mundo kapag iniwan ako ng nanay ko.

_____5. Usad pagong ang daloy ng trapiko sa Metro Manila.

# Aralin 1 Metapora o Pagwawangis: Siyasatin!


Minsan nakababasa tayo ng pangungusap kung saan inihahambing ang magkaibang bagay o tao ngunit hindi sa diretsahang pamamaraan. Alam mo ba kung ano ang tawag sa pananalitang ito?

Ito ay tinatawag na metapora o pagwawangis. Ano nga ba ito? Halika at sabay nating alamin ang tungkol dito at kung papaano ito gamitin.




## *Balikan*

Pag-aralan ang larawang nasa ibaba. Magbigay ng reaksyon tungkol dito. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.



## *Tuklasin*

Masayang nag-uusap ang magkaibigan na sina Karen at Cedrick. Basahin ang kanilang dayalogo na nasa ibaba. Pansinin ang mga pariralang may salungguhit.



**Karen** : Uy Cedrick, kumusta ka?

**Cedrick** : Maayos naman ako.

**Karen** : Ikaw? Kumusta ka rin?

**Karen** : Ito maayos din. Kilala mo ba si Angel Locsin?

**Cedrick** : Oo naman. Siya ang tinuturing na Pambansang Darna ng Pilipinas, 'di ba?

**Karen** : Nakakahanga ang kaniyang kabaitan, ano? Isa nga siyang anghel sa kaniyang mga mabubuting gawi gaya na lang ng pagtulong niya sa mga mamamayan ng Marawi nang mangyari ang gulo doon.

**Cedrick** : Oo nga. Talaga namang bumagay sa kaniya ang kaniyang pangalan. Magaling din siyang artista. Siya ang Vilma Santos ng bagong henerasyon.

**Karen** : Bihira ang mga taong kagaya niya.

**Cedrick** : Talaga namang siya ay dapat nating tularan.

Sagutin:

1. Ano ang napansin mo sa mga pariralang may salungguhit?
2. Alam mo ba kung ano ang tawag sa mga pariralang ito?



## Suriin


Ang mga pariralang may salungguhit mula sa dayalogong iyong binasa ay ipinahayag sa matalinghagang pamamaraan. Ito ay tinatawag na **tayutay**. Alam mo ba kung ano ito?

Ginagamit ang tayutay ng mga manunulat upang mas maiparating sa mga mambabasa ang kanilang damdamin. May iba't ibang uri ito at sa dayalogong iyong binasa, ang uri ng tayutay na ginamit sa mga sinalungguhitang parirala ay ang tinatawag na **metapora** o **pagwawangis**.

Ito ay anyo ng pananalita na kung saan ang tao o bagay ay inihahambing o iwinawangis sa ibang bagay na hindi ginagamitan ng **sing-** o **tulad ng**.

Halimbawa:

1. Ang sanggol ay <u>anghel ng pamilya</u>.
2. Siya ay <u>gutom na leon</u> kung kumain.



## Tandaan

Ang tayutay na **metapora** o **pagwawangis** ay ginagamit sa mga pagkakataong ang parirala o pangngusap ay gusto mong magsaad ng paghahambing ng dalawang bagay sa hindi diretsahang pamamaraan at hindi gumagamit ng **sing-** o **tulad ng.**

# *Pagyamanin*

Basahin ang mga pangungusap na nasa ibaba. Ilagay ang **tsek (✓)** kung ang pangungusap ay gumagamit ng tayutay na metapora o pagwawangis at **ekis (X)** naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Singtingkad ng perlas ang kaniyang kaputian.
2. Si Jose ang Fernando Poe Jr. ng aming bayan.
3. Ang boses ni Momay ay tulad ng huni ng ibon.
4. Maamong pusa ang aming kasambahay sa bait.
5. Gutom na leon siya kung kumain pagkatapos maglaro.

# *Isaisip*

Ano ang tawag sa paghahambing ng mga bagay o tao sa hindi diretsahang pamamaraan?

# *Isagawa*

Hanapin sa tula na nasa ibaba ang mga pariralang nagpapahayag ng tayutay na metapora o pagwawangis. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Nanay kong Mahal
ni: Charmaine R. Lavador



I.

Sa kaniya ako'y prinsesa,
tuwa ay kita sa mata niya.
'Pag-uwi ko galing eskwela,
masarap na miryenda'y handa na.

II.

Magsipag sa gawain,
iyan ang turo niya sa akin.
Mantika kung matulog iwasan
upang hindi pagalitan.

III.

Nagiging leon sa galit,
kapag ako'y sobra sa kulit.
Ngunit 'di ko ipagpapalit,
siya nama'y ubod ng bait.

IV.

Siya ay isang bulaklak,
sa lahat ay mahalimuyak.
Ayoko siyang umiyak,
nais kong mapuno siya ng galak.

V.

Buhay ko ay puno ng ligaya,
ikaw ay walang kagaya.
Sa akin ay kayamanan,
O Nanay kong mahal 'di ako
pinabayaan.

| Aralin 2 | Personipikasyon o Pagsasatao: Alamin! |
|---|---|

Sa naunang aralin, ating napag-aralan ang tungkol sa pagwawangis o metaphor. Maliban dito, alam mo bang may iba pang uri ng tayutay?

Tara na! Pag-aralan naman natin ang isa pang uri ng tayutay na kung tawagin ay personipikasyon o pagsasatao.

Ngunit, bago tayo magpatuloy, balikan muna natin ang iyong natutuhan sa naunang aralin.

## *Balikan*

Hanapin ang pariralang nagsasaad ng tayutay na metapora o pagwawangis sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Si tatay ang Superman ng buhay ko.
2. Ang ating mga ina ang ilaw ng ating mga tahanan.
3. Isang malaking palasyo ang tahanan ng aking kaibigan

## Tuklasin

Basahin ang kuwento sa ibaba at bigyang-pansin ang mga pariralang may salungguhit.

Doon sa Aming Bukid
Ni: Charmaine R. Lavador




Maaga akong gumising dahil hindi ko mapigilan ang pananabik na makita ang kabuuhan ng aming bukid. Unang araw ngayon ng bakasyon ko rito.

Tinatawag na ako ng ilog upang maligo. Matatamis ang ngiti ng mga punong-kahoy sa akin na para bang iniimbita akong umakyat sa kanila at kunin ang kanilang mga bunga. Sumasayaw ang mga bulaklak sa tuwa habang dinidiligan ko sila.

Nakatutuwa ang mga paru-parong tila nag-aawitan sa tuwa na nagliliparan sa ibabaw ng mga bulaklak. Niyayakap ako ng malamig na simoy ng hangin.

Napakasarap ng buhay sa bukid. Maya-maya natigil ang aking paglilibot nang tinawag na ako ni mama dahil nakahain na ang almusal namin.



## Suriin


Ano ang napansin mo sa mga pariralang may salungguhit sa kuwentong iyong nabasa?

Hindi ba binigyan ng katangian ng tao ang mga bagay na hindi naman tao? Kagaya ng: Matatamis ang ngiti ng mga punong-kahoy, alam nating hindi ngumingiti ang kahoy at tao lang ang gumagawa nito.

Ang ginawa ng may-akda ay ang tinatawag nating paggamit sa tayutay na personipikasyon o pagsasatao. Ito ay ang pagbibigay ng katangian ng isang tao sa mga bagay na walang buhay at hindi gumagalaw.

Halimbawa:

1. Nagtago ang buwan sa likod ng mga ulap.
2. Ang mga bituin sa langit ay kumukindat sa amin.



## Tandaan

Kung minsan sa kuwentong ating mababasa, binibigyan ng manunulat ng katangian ng isang tao ang mga bagay na hindi tao o kahit ang mga bagay na walang-buhay. Ang tawag dito ay **personipikasyon** o **pagsasatao.** Ginagawa ito upang mas magiging kawili-wili ang isang akda.

## Pagyamanin

Basahin ang mga pangungusap at hanapin ang mga tayutay na nagpapahiwatig ng personipikasyon. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Niyakap na ng dilim ang buong paligid.
2. Nagtago ang araw sa likod ng mga ulap.
3. Hinahabol ko ang aking hininga matapos kong maglaro ng patintero.
4. Nangungusap ang kaniyang mga mata.
5. Hindi ko natanggihan ang pang-iimbita ng dagat sa akin.

## Isaisip

Anong uri ng tayutay ang pagbibigay-katangian ng tao sa isang walang-buhay na bagay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________.

## Isagawa

Ang sumusunod na pangungusap ay gumagamit ng tayutay na personipikasyon o pagsasatao. Tukuyin ang kahulugan nito. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Pagkatapos ng ilang buwan kong pag-aalaga ng mga pananim kong rosas, sa wakas nakita ko ring ngumiti ang mga bulaklak nito.
   A. Umiiyak ang mga bulaklak.
   B. Natuwa ang mga bulaklak.
   C. Namukadkad na ang mga bulaklak.
2. Matapos ang malakas na kulog ay gumuhit ng apoy sa kalangitan.
   A. Mainit ang langit.
   B. Nagkaroon ng pagkidlat.
   C. May apoy na iginuhit sa langit.
3. Mag-iisang linggo na akong hindi nakapaglaba kaya naman kumakaway na sa akin ang mga labahin.
   A. Nagkaroon ng kamay ang mga damit.
   B. Kinakailangan ng labhan ang mga damit.
   C. Nasira na ang mga damit dahil hindi nalabhan.
4. Sa bilis ng takbo ng oras, hindi ko namalayang hapon na pala at kailangan ko nang umuwi.
   A. Lumilipas ang oras.
   B. Nahulog ang orasan.
   C. Nakikipaghabulan ang oras.
5. Simula ng magkasakit si Jane ay nasa loob lang siya ng bahay nila kaya naman hinahanap na siya ng araw.
   A. Nagtatago sa dilim.
   B. Makikita lang kung gabi.
   C. Hindi lumalabas ng bahay.

# Aralin 3 Hyperbole o Pagmamalabis: Aralin!

Nakapagbasa ka na ba ng pangungusap na parang hindi kapani-paniwala ang ipinapahayag na mensahe? Iyon bang parang imposible na mangyari.

Alam mo ba na ito ang uri ng tayutay na tinatawag nating pagmamalabis o hyperbole? Ano nga ba ito?

Tara na! Sabay nating tuklasin ang tungkol dito sa pamamagitan ng pag-aaral sa modyul na ito.

## *Balikan*

Naaalala mo pa ba ang pinag-aralan natin sa nakaraang aralin? Sagutin ang sumusunod na tanong at Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ano ang tayutay na personipikasyon o pagsasatao?
2. Bakit gumagamit ang mga manunulat ng tayutay sa kanilang akda?
3. Magbigay ng isang pangungusap na gumagamit ng personipikasyon.

## Tuklasin

Basahin ang tula na nasa ibaba at pansinin ang mga sinalungguhitang parirala. Sagutin ang tanong kasunod nito. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Paghihinagpis
ni: Charmaine R. Lavador



O aking kaibigan,
Bakit mo ako iniwan?
<u>Luha ko'y parang batis</u>
Sa aking paghihinagpis
<u>Di makatulog sa pananabik,</u>
sa iyong muling pagbabalik.
<u>Mundo koy magkakakulay,</u>
aaalis na ang lumbay.

<u>Gumunaw man ang mundo,</u>
hinding-hindi magbabago.
<u>Hanggang sa pagkamatay ko,</u>
ikaw lang ang kaibigan ko.

**Sagutin:**

1. Ano ang palagay mo sa mga pariralang may salungguhit?
2. Alam mo ba kung ano ito?




## *Suriin*

Ang mga pariralang nasa tulang nabasa mo ay nakasulat sa di-karaniwang pamamaraan. Mapapatanong ka kung ito ba ay talagang nangyayari sa realidad o totoong buhay.

Ang paraang ito ng pagpapahayag ay tinatawag na **hyperbole** o **pagmamalabis.** Ito ay isang uri ng tayutay na nagpapahayag ng pagpapasidhi sa kalabisan at kakulangan ng isang tao, bagay, pangyayari, kaisipan, damdamin, at iba pang katangian, kalagayan o katayuan.

Halimbawa:

1. Mamamatay si Sol kapag tumigil siya sa pagsasalita.
2. Pasan ko ang daigdig sa mga panahong ito.



## Tandaan

Kung ikaw ay makababasa ng pahayag na malayo sa katotohanan dahil ito'y pinasidhi sa kalabisan o kakulangan, ito ay ginamitan ng tayutay na **hyperbole** o **pagmamalabis.**

# Pagyamanin

Sipiin mula sa mga pangungusap sa ibaba ang pariralang gumagamit ng tayutay na hyperbole o pagmamalabis. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Inilipad ng hangin ang aking mga pangarap.
2. Umabot hanggang langit ang aking ngiti nang makita ko si Jose na may dalang pagkain.
3. Muntik kong ikamatay ang pagtawa dahil sa sinabi niya.
4. Ang pag-alis ni tatay ay ikinadurog ng puso ko.
5. Narinig ng buong mundo ang kaniyang pag-iyak.

# Isaisip

Paano mo malalaman na ang tayutay na ginamit ay isang hyperbole o pagmamalabis?

__________________________________________________
__________________________________________________
__________________________________________________
__________________________________________________
______________________________________________

# Isagawa

Piliin mula sa kahon ang angkop na tayutay upang mabuo ang mga pangungusap.

| | |
|---|---|
| bumaha ng dugo | abot langit |
| namuti na ang buhok | nilunok ang hiya |
| tawirin ang dagat | lumuha ng dugo |

1. Sa tuwing nakikita ko ang aking mga anak ay _____________ ang aking saya.

2. Nang magkasakit si inay ay _______________ at lumapit ako sa aking mga kamag-anak upang humingi ng tulong.

3. ___________________ si Abby nang masagasaan ang alagang aso.

4. Kaya kong _________________ makita ka lang.

5. ___________________ ko sa kakahintay sa iyo.

# Tayahin

Gawain 1

Salungguhitan ang mga tayutay na makikita sa mga piling linya na sinipi sa tula sa ibaba at tukuyin kuna anong uri ng taayutay ang ginamit. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Labis ang galak ng mga bulaklak,
   nang maarawan at madiligan.
2. Puso'y lumulukso sa tuwa,
   nang bahaghari ay aking makita.
3. Hindi maitatanggi ang aking pagkabighani,
   sa isang anghel na kagaya mo binibini.
4. Sa pakiramdam ay kay sarap,
   hangin na sa aki'y yumayakap.
5. Hindi makatulog sa gabi,
   mula nang mawalay ka sa aking tabi.

Gawain 2

Isulat ang **R** sa patlang kung ang pahayag ay ayon sa realidad at **P** naman kung ito ay pagmamalabis. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

_____1. Masayang naglalaro sina Angelo at Adrian.

_____2. Kaya kong sisirin ang dagat mapasagot lang kita.

_____3. Bumaha ng dugo sa bayan kung saan nangyari ang digmaan.

_____4. Nakaiiyak ang kwentong nabasa ko.

_____5. Para akong nabuhay muli nang malaman kong buhay pa ang aking mga magulang

# Karagdagang Gawain

Gawain 1

Paghambingin ang mga bagay o salita na nasa ibaba gamit ang Metapora o Pagwawangis. Isulat ito sa pangungusap.

Halimbawa: Kabayo- Jonas

Isang kabayo na tumatakbo si Jonas sa pagmamadali na makarating sa paaralan.

1. Albert Einstein- Anton
2. Pagong- sasakyan
3. Anne Curtis- kaklase
4. Superwoman- inay
5. Kalabaw-tatay

Gawain 2

Gamitin ang sumusunod na mga parirala sa isang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. lumulundag ang mga alon
2. hinahabol ang oras
3. naghahabulan ang mga luha
4. umiyak ang langit
5. nalulungkot ang mga aklat

# Susi sa Pagwawasto

## Aralin 1

**Subukin**

1. PW
2. PT
3. PM
4. PM
5. PW

**Balikan**

Inaasahan ang iba't ibang sagot ng mga mag-aaral.

**Pagyamanin**

1. X
2. √
3. X
4. √
5. √

**Isagawa**

Nanay kong Mahal

Ni: Charmaine R. Lavador

Sa kanya ako'y prinsesa
Tuwa ay kita sa mata niya
'Pag-uwi ko galing eskwela
Masarap na miryenda'y handa na.

Magsipag sa gawain
Iyan ang turo niya sa akin
Mantika kung matulog iwasan
Upang hindi pagalitan.

Nagiging leon sa galit
Kapag ako'y sobra sa kulit
Ngunit 'di ko ipagpapalit
Siya nama'y ubod ng bait.

**Isagawa**

Siya ay isang bulaklak
Sa lahat ay mahalimuyak
Ayoko siyang umiyak
Nais kong mapuno siya ng galak.

Buhay ko ay puno ng ligaya
Ikaw ay walang kagaya
Sa akin ay kayamanan
O Nanay kung mahal 'di ako pinabayaan.

## Aralin 2

**Balikan**

Ibatay sa sagot ng mag-aaral.

**Pagyamanin**

1. Niyakap na nang dilim ang buong paligid.
2. Nagtago ang araw sa likod ng mga ulap.
3. Hinahabol ko ang aking hininga matapos kong maglaro ng habulan.
4. Nangungusap ang kanyang mga mata.
5. Hindi ko natanggihan ang pang-iimbita ng dagat sa akin.

**Isagawa**

1. B
2. C
3. C
4. C
5. B

## Aralin 3

**Balikan**

Ibatay sa sagot ng mag-aaral.

**Aralin 3**

**Pagyamanin**

1._inilipad ng hangin
2.Umabot hanggang langit
3.Muntik ko nang ikamatay
4.ikinadurog ng puso
5. Narinig ng buong mundo

**Aralin 3**

**Isagawa**

1. Abot langit
2. Nilunok ang hiya
3. Lumuha ng dugo
4. Tawirin ang dagat
5. Namuti na ang buhok

**Tayahin**

Gawain 1

1. Labis ang galak ng mga bulaklak - Pagsasatao
2. Puso'y lumulukso sa tuwa - Pagsasatao
3. Isang anghel - Metapora
4. Nang hangin na sa aki'y yumayakap - Pagsasatao
5. Hindi makatulog sa gabi - Pagmamalabis

**Tayahin**

Gawain 2

1. R
2. P
3. P
4. R
5. P

**Karagdagang Gawain**

**Gawain 1**

Ibatay sa sagot ng mag-aaral.

**Karagdagang Gawain**

**Gawain 2**

Ibatay sa sagot ng mag-aaral.

# *Sanggunian*

Curriculum Guide sa MTB-MLE 3, 140

Most Essential Learning Competencies (MELC) 2020 for MTB-MLE Grade III Q2 DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong, Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang, Victoria A. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega. *MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3)* 2014, 21 E Boni Serrano Ave., Quezon City, Book Media Press, Inc.,122, 137,139

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph